

Pagpapalabas ng Modelo

Para sa Kabayaran na pinatunayan dito bilang natanggap, at sa paglagda sa pagpapalabas na ito, binibigyan ko ng pahintulot ang Photographer / Filmmaker at Mga Hinirang na lisensiyahan ang Nilalaman at gamitin ang Nilalaman sa anumang layunin (maliban sa pornograpiko o paninirang-puri) na maaaring kabilangan ng, bukod sa iba pa, pag-advertise, promosyon, marketing at packaging para sa anumang produkto o serbisyo. Sumasang-ayon ako na maaaring ipagsama ang Nilalaman sa iba pang imahe, teksto, graphics, pelikula, audio, mga audio-visual na gawa; at ma-crop, ganap na mabago o bahagyang mabago. Pinatutunayan at sinasang-ayunan ko na pinayagan ko ang paglalathala ng aking (mga) lipi tulad nang isinasaad sa ibaba, ngunit nauunawaan na ang ibang mga lipi ay maaaring i-ugnay sa akin ng Photographer / Filmmaker at / o Mga Hinirang para sa layunin ng paglalarawan.

Sumasang-ayon ako na wala akong karapatan sa Nilalaman, at ang lahat ng mga karapatan sa Nilalaman ay sa Photographer / Filmmaker at Mga Hinirang. Pinatutunayan at sinasang-ayunan ko na wala na akong dagdag na karapatan para sa karagdagang kabayaran o accounting, at hindi na ako maghahabol pa para sa anumang kadahilanan sa Photographer / Filmmaker at / o Mga Hinirang. Pinatutunayan at sinasang-ayunan ko na ang pagpapalabas na ito ay sapilitang ipatutupad sa aking mga tagapagmana at mga hinirang. Sumasang-ayon ako na hindi mababawi, pandaigdigang at habambuhay ang pagpapalabas na ito, at pamamahalaan ng mga batas (maliban sa batas ng mga salungatan) ng bansa/estado mula sa sumusunod na listahan na pinakamalapit sa address ng Modelo (o Magulang*) na ibinigay sa tabi ng: New York, Alberta, England, Australia at New Zealand.

Napagkasunduan na ang aking personal na impormasyon ay hindi isasapubliko ngunit maaari lamang direktang gamitin nang may kaugnayan sa paglilisensiya ng Nilalaman kung saan kailangan (hal. upang ipagtanggol ang mga paghahabol, protektahan ang mga karapatan o abisuhan ang mga unyong pangkalahatang at maaaring panatilihin hangga't maaari upang matugunan ang layuning ito, kasama ang maibahagi sa mga sub-licensee / nahirang ng Photographer / Filmmaker at mailipat sa mga bansa na may ibang mga batas sa pagpoprotekta ng data at pagkapribado kung saan ito maaaring iimbak, i-access at gamitin. Kinakatawan at ginagarantiya ko na hindi bababa sa 18 taon ang aking gulang at ako ay may ganap na legal na kapasidad na isagawa ang pagpapalabas na ito.

Mga Kahulugan: Ang "MGA HINIRANG" ay nangangahulugan na tao o anumang kumpanya na pinagtalagahan o nilisensiyahan ng Photographer / Filmmaker ng mga karapatan sa ilalim ng pagpapalabas na ito pati na rin ang mga nalisensiyahan ng sinumang naturang tao o kumpanya. Ang "KABAYARAN" ay nangangahulugan na \$1 o iba pang bagay na may halaga na natanggap ko kapalit ng mga karapatang ipinagkaloob ko sa pagpapalabas na ito. Ang "MGA NILALAMAN" ay nangangahulugan na lahat ng larawan, pelikula, audio, o iba pang recording, di-gumagalaw o gumagalaw, na kinunan sa akin bilang bahagi ng Shoot. Ang "MEDIA" ay nangangahulugan na lahat ng media kasama ang digital, electronic, print, telebisyon, pelikula, radyo at iba pang media na kilala ngayon o malimbento. Ang "MODELO" ay nangangahulugan ako at kasama ang aking hitsura, pagkakahalintulad at boses. Ang "MAGULANG" ay nangangahulugan ang magulang at/o legal na tagapangalaga ng Modelo. Ang Magulang at Modelo ay magkasamang tinutukoy bilang "Ako" sa pagpapalabas na ito, ayon sa idinidikta ng kabuuan ng nilalaman. Ang "PHOTOGRAPHER / FILMMAKER" ay nangangahulugan na photographer, illustrator, filmmaker o cinematographer, o sinumang iba pang tao o entity na kumukuha ng larawan o nagre-record sa akin. Ang "SHOOT" ay nangangahulugan ang sesiyong photographic, pampelikula o pag-record na inilalarawan sa form na ito.

Impormasyon ng Photographer/Filmmaker

Pangalan (naka-print) _____

Lagda _____

Petsa kung kailan Nilagdaan (AA/BB/TAON) _____

Petsa ng Shoot _____

Bansa at Rehiyon/Estado ng Shoot _____

Paglalarawan ng Shoot/Ref. (kung naangkop) _____

Ilakip ang Visual na Sanggunian ng Modelo dito: (Opsiyonal)

(Nakahanay sa itaas na kanang sulok kung mas malaki sa kahon.)

Halimbawa, Polaroid, driver's license, print, photocopy, atbp.

Impormasyon ng Modelo

Pangalan (naka-print) _____

Petsa ng Kapanganakan (AA/BB/TAON) _____

Kasarian lalaki [] babae []

Impormasyon ng Modelo (o Magulang*)

Address ng Tirahan _____

Lungsod _____ Estado/Probinsiya _____

Bansa _____ Zip/Postal Code _____

Telepono _____ Email _____

Lagda _____

Petsa kung kailan Nilagdaan (AA/BB/TAON) _____

*Kung menor-de-edad ang Modelo at walang kapasidad sa hurisdiksiyon ng tinitirahan, ginagarantiya at kinakatawan ng Magulang na ang Magulang ang legal na tagapangalaga ng Modelo, at may ganap na legal na kapasidad na pumayag sa Shoot at isagawa ang pagpapalabas na ito SA LAHAT NG MGA KARAPATAN SA NILALAMAN NG MODELO. Kung lumalagda ka sa kapasidad na ito, pakipasok ang iyong mga detalye sa itaas at ang iyong pangalan sa ibaba.

Pangalan ng Magulang: _____

kung naaangkop

Karagdagang impormasyon na sasagutan ng Modelo: (Opsiyonal)

Hinihingi ang impormasyon sa lipi para sa layuning makapagpaliwanag

lamang, at nagsisilbing paraan ng pagbibigay ng higit na kawalan ng anumang mali sa pagtatalaga ng mga salita para sa paghahanap.

___Asyano – bilugan ang lahat ng naaangkop sa iyo:

(Chinese, Indian, Japanese, Korean, iba pa)

___Caucasian, White ___Hispanic, Latin

___Middle Eastern ___Native American ___Pacific Islander

___Black ___Magkakahalang Lahi ___African American

Iba pa:

Saksi (TANDAAN: Dapat na nasa legal na edad at kapasidad ang lahat ng mga taong lumalagda at sumasaksi sa lugar kung saan nilagdaan ang Pagpapalabas na ito. Hindi maaaring saksihan ng isang tao ang kanyang sariling pagpapalabas)

Pangalan (naka-print) _____

Lagda _____

Petsa kung kailan Nilagdaan (AA/BB/TAON) _____